

# **LAGUTIN ANG TANIKALA NG KAHIRAPAN: BATAYANG CORSO NG MARALITANG LUNGSOD**

Inaprubahan ng Pambansang Kongreso ng KADAMAY  
Disyembre 5, 2008

## Ang Maralitang Lungsod

Ang sektor ng maralitang lungsod ay kinabibilangan ng mga manggagawa at mala-manggagawa sa mga kalunsuran. Dahil sa kawalan at kakapusan sa trabaho at kabuhayan, mababang sahod at di-regular na kita, nasasadlak sila sa pinakamasahol na anyo ng paghihikahos, sa matinding kahirapan at pagdarahop. Tinatayang mahigit 30 milyong bilang ng mga maralitang lungsod sa buong bansa.

Nagbebenta ang mga manggagawa ng kanilang lakas-paggawa kapalit ng kakarampot na sahod dahil wala silang pag-aaring kasangkapan sa produksyon. Ang mapang-alipin na sistemang sahurang ang salalayan ng pagsasamantala sa mga manggawang Pilipino at nagpapanatili sa kanilang pagiging maralita. Sa mga kalunsuran, sila ang mga manggagawa sa empresa at linya sa industriya at mga manggagawa sa serbisyo.

Malaking bahagi naman na bumubuo sa maralitang lungsod ang mga mala-manggagawa o walang regular na trabaho, hanapbuhay, at kita. Kabilang dito ang mga drayber ng dyip, traysikel at pedikab, kargador, mga katulong sa tindahan, bahay at restawran, nagtitinda sa mga bangketa o vendors, construction workers, at iba pa. Matinding kahirapan ang nararanasan ng mga mala-manggagawa dahil sa kawalan ng ari-arian, mababang sahod, di-regular na kita at kawalan ng seguridad.

Nabibilang din sa sektor ang mga lumpen-proletaryado sa kalunsuran na nasasadlak sa mga anti-sosyal na pamumuhay dahil sa kawalan ng hanapbuhay at impluwensya ng kulturang anti-sosyal. Kabilang dito ang mga magnanakaw, maton, pulubi, mga prostityut at bugaw, at iba pang elementong imbwelto sa mga lumpen na aktibidad bilang kabuhayan.

Nagiging bahagi din ng maralitang lungsod ang mga maliliit na petiburgesya sa kalunsuran na dumadausdos ang kabuhayan dahil sa permanenteng krisis sa ekonomya. Sila yaong nawawalan ng trabaho, lumiliit ang kita, at bumabagsak sa uring manggagawa o mala-manggagawa.

Matatagpuan ang kalakhan ng maralitang lungsod sa mga maralitang komunidad. Malaking bahagi sa kanila ay makikita sa mga relocation sites, tenement houses, komunidad sa paligid ng mga empresa at engklabo, entreswelo, paupahang maliliit, at mga katulad nito. Matatagpuan din ang mga konsentrasyon nila sa mga tabing-riles, tambakan, estero, pampublikong mga lupain at sa iba pang tinatawag ng gobyerno na eryang iskwater.

## Pinagmulan ng Maralitang Lungsod

Sa pagsakop ng Estados Unidos sa bansa noong ika-20 na siglo at pagkubabaw ng dayuhang monopolyong kapitalismo sa lokal na sistemang pyudalismo, ang ekonomyang nakakasapat sa sarili ay itinuo sa ekonomyang pangkalakal. Ang ekonomyang agrikultural ay pangunahing itinuo sa pag-eksport ng mga hilaw na materyales habang nakaasa sa importasyon ng mga yaring manupakturang kalakal.

Mula sa kontrol ng mga prayle noong panahon ng kolonyalistang Espanyol, ang akumulasyon at pangangamkam ng lupa ay napunta sa kamay ng panginoong maylupa at lalong lumala ang problema sa lupa. Dahil pinanatiling bansot ang ekonomya at pre-industriyal, hindi nahigop ang mga magsasakang nawalan ng lupa o kulang sa lupang sinasaka at ang dumadaming malamanggagawa sa kanayunan na nawalan o kulang ng kabuhayan. Lumaki ang reserbang hukbo sa paggawa dahil sa kawalan ng mga industriyang sasalo sa kanila.

Kung babalikan ang kasaysayan, mga dati ring magsasaka na inagawan ng lupa o kulang sa lupang sinasaka at mga malamanggawa na nagbebenta ng lakas-paggawa sa mga bukid ang karamihan sa mga manggagawang Pilipino. Sila ay namasukan sa mga pabrika sa mga kalunsuran. Ang kanilang mga anak at sumunod na mga salinlahi ay pawang naging mga manggagawa o kaya'y mga malamanggawa na rin dahil sa kawalan ng pag-aaring kasangkapan sa produksyon.

Patuloy ang pagdami ng mga lumilikas na magsasaka at malamanggawa mula sa mga kanayunan patungo sa mga lungsod bunga ng malaganap na kawalan ng lupa at kabuhayan sa mga kanayunan. Nadadagdag sila sa bilang ng maralitang lungsod.

### Ang Mga Suliranin ng Maralitang Lungsod

Dahil sa saligang katangian ng ekonomya na atrasado, agraryo, at di-industriyal na pinananatili ng imperyalismong US, nanatili at di mabuburang katangian ng lipunang Pilipino ang papalaking bilang ng reserbang hukbo sa paggawa kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Ang malapyudal na katangiang ito ng ekonomya ang ugat ng mga suliranin ng maralitang lungsod.

Pangunahing nakaasa sa agrikultura ang ekonomya ng bansa at walang modernong industriyang matatawag. Ang tinatawag na sektor ng industriya ay yaong gumagawa lamang ng kaunting pagpoproseso kaya't walang hihiyop sa papalaking bilang ng potensyal na lakas paggawa.

Dahil sa katangiang ito ng ekonomya, ang malaganap na kawalan ng trabaho at kabuhayan, mababang sahod at bumabagsak na tunay na halaga ng kita ang kagyat na suliranin ng maralitang lungsod. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit nakakaranas ng labis na kahirapan at pagdarahop ang maralitang lungsod.

Pinalalala pa ito ng mabilis na pagbagsak ng halaga ng piso, pagsirit ng presyo ng mga karaniwang bilihan, lalo ang pagkain, at mga ipinapataw na buwis. Ang matinding kahirapan at pagdarahop na pasan-pasan ng maralitang lungsod ay lalong bumibigat din dahil sa kriminal na pagpapabaya ng gobyerno sa mga batayang serbisyo para sa mamamayan-ang kadusta-dustang kalagayan sa paninirahan at kawalan ng iba pang serbisyong panglipunang dapat ay tinatamasa nila.

### Kawalan at Kakulangan ng Trabaho, Mababang Sahod, at Bumabagsak na Halaga ng Kita

Tinatayang mahigit kalahati ng potensyal na pwersa ng paggawa sa bansa ang kabilang sa reserbang hukbo na walang trabaho at hanapbuhay lalo na kung bibilangan ang kabataang edad 10 pataas na wala naman sa mga paaralan at kababaihan.

Sa paglaganap ng kontraktwalisasyon, lalong lumalala ang kawalan ng kasiguruhan sa trabaho. Sa ilalim ng pamamaraang kontraktwalisasyon, lalong pinaliliit ang bilang ng mga regular na manggagawa upang mapalitan ng mga kontraktwal na maliit ang sahod, walang mga benepisyo, at tinanggalan ng karapatan sa pag-uunyon at welga.

Nauna nang tinukoy na ang pinapanatili ng Estados Unidos na malapyudal na katangian ng ekonomya na kinatatangian ng pagiging agrikultural at walang industriyalisasyon ang pangunahing salik sa malalang kawalan ng trabaho at hanapbuhay. Pinananatili ng dayuhang interes ang kalagayang ito sa pamamagitan ng pagkontrol sa estado at mga patakaran ng bansa.

Nakapako ang sahod ng mga manggagawa at malayung-malayo ito para mabuhay ng disente ang kanilang mga pamilya. Ang kasalukuyang minimum na sahod ng mga manggagawa ay napakaliit kung ibabatay sa dapat ay arawang gastos sa pamumuhay ng isang pamilya.

Dahil sa implasyon, lalong naagnas ang tunay na halaga ng sahod at kita ng mga manggagawa at malamanggagawa. Pinapalala pa ito ng pagkatali ng piso sa dolyar at pagpataw ng mga buwis sa produkto't serbisyo. Hindi makaagapay ang kita ng mamamayan sa pagsirit ng presyo ng mga batayang bilihin.

### Kriminal na Pagpapabaya ng Gobyerno sa Mga Batayang Serbisyong Panglipunan

Ang kriminal na pagpapabaya ng gobyerno sa paglalaan ng mga batayang serbisyong panglipunan ang dumadagdag sa matinding kaapihan ng mga maralitang lungsod. Ang kadusta-dustang kalagayan sa paninirahan sa loob ng mga maralitang komunidad ay isang komon na kalagayang kinaiiralan sa mga ito. Hindi naman maabot ang karapatan sa edukasyon at walang tinatamang serbisyong pangkalusugan ang maralita. Biktima rin sila ng iba't ibang porma ng pagyurak ng estado sa kanilang mga demokratikong karapatan.

Nararanasan sa mga maralitang komunidad ang kadusta-dustang kalagayan sa paninirahan. Kalunus-lunos ang kakulangan o kawalan ng mga batayang pasilidad at serbisyo sa mga komunidad na ito. Suliranin nila ang mataas na upa sa bahay o amortisasyon kung kaya't laging nanganganib na mapalayas. Nakaumang naman sa tuwi-tuwina ang banta ng demolisyon sa mga tinatawag na eryang iskwater.

Hindi tinutugunan ng estado ang karapatan sa paninirahan ng maralitang lungsod. Walang tunay na programa sa paninirahan. Mismong ang sinasabi nitong programang pang-kaunlaran ang nagtutulak sa malawakang pagpapalayas sa mga maralitang komunidad na nakatirik sa mga dati ay nakatiwangwang na pampublikong lupain. Samu't sari rin ang panlilinlang ng estado sa pamamagitan ng mga programang umano'y sasagot sa problema sa pabahay para sa maralitang lungsod.

### Mga Kagyat na Kahilingan ng Sektor at Tungkuling Pukawin, Organisahin, at Pakilusin Ito

Iisa ang kagyat na hinaing ng mga manggagawa, mala-manggagawa at iba pang maralita sa kalunsuran. Mahalagang kahilingan ng maralitang lungsod ang ipaglalan ang trabaho at kabuhayan, at nakabubuhay na sahod at kita. Ipinaglalan rin ng maralitang lungsod ang karapatan sa disente at tiyak na paninirahan, batayang serbisyong panglipunan, at iba pang demokratikong mga karapatan at kahilingan.

Napakainam ng sitwasyon ng papalalang krisis sa ekonomya at pulitika upang bigkisin ang pagkakaisa ng maralitang lungsod. Pukawin, organisahin, at pakilusin ang pinakamaraming bilang ng maralitang lungsod sa buong bansa.

Kailangang pag-ibayuhin ang pag-abot at pagpukaw sa mga komunidad ng maralita sa pamamagitan ng puspusan at papasaklaw na propaganda at ahitasyon. Mamumulat at mapapakilos ang maralitang lungsod sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga kagyat at mahahalagang demokratikong kahilingan at pakikibaka ng maralitang lungsod. Mahalaga ring umugnay ito sa pambansa-demokratikong pakikibaka ng buong sambayanan.

Kailangang magpalawak at magpalakas ng kanilang mga organisasyon ang mga maralita sa kalunsuran para sa pagbubuo ng isang malakas na kilusang masang magtataguyod sa kanilang karapatan at kagalingan.

Saklaw ng gawaing pag-oorganisa sa maralitang lungsod ang lahat ng tipo ng mga maralitang komunidad. Kapwa may halaga ang pag-oorganisa sa mga komunidad na may pagka-permanente at yaong mga komunidad na itinuturing na "iskwater erya" na laging may banta ng demolisyon. Mabunga para sa pagtatayo ng baseng masa at pag-uugat sa masa ang gawaing pag-oorganisa sa mga komunidad na may pagka-permanente. May halaga rin ang pag-oorganisa sa mga tinaguriang iskwater erya dahil sa konsentrasyon o kapal ng mga maralita sa mga tipo ng komunidad na ito kahit pa may palagiang banta ng

demolisyon.

Pinakamainam na masaklaw sa mga maralitang komunidad ang mga manggagawang kabilang sa mga unyon at maging yaong hindi. Pagsikapang maitayo ang samahan ng mga manggagawa sa loob ng komunidad. Magbibigay-daan ito sa pagpapatampok sa pamumuno ng uring manggagawa sa mga komunidad bilang pagkilala sa katangian nitong may mataas na pandama sa organisasyon at disiplina, at siyang pinakasulong na uri sa lipunan. May halaga din ito para sa gawaing pagpapalawak ng kilusang manggagawa sa mga empresang pinagtatrabahuan nila.

Susi pa rin sa mabilis na pagpapalawak sa mga komunidad ang pag-impluwensya at pagtransporma sa mga nakatayong pangmasang organisasyon loob ng mga komunidad kung saan tipon na ang maralita.

### Ang Pangmatagalang Solusyon sa Suliranin ng Maralitang Lungsod

Sa pamamagitan lamang ng pagtatagumpay sa pambansa demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba mapapalaya ang sambayanang Pilipino, kasama ang maralitang lungsod, mula sa pagkakasaklot sa mga batayang suliranin ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

Sa sosyalistang konstruksyon ng lipunan, masasagot ang suliranin ng kaunlaran, trabaho sa lahat, at pangkalahatang kagalingan. Masisimulan na ang proseso ng tunay na pag-unlad ng ekonomya na paaandarin sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon na nakabatay sa tunay na reporma sa lupang pansakahan.

Nasa interes ng maralitang lungsod ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Direktang makikinabang sa pamamahagi ng lupang sakahan ang lahat ng mga napalayas o umalis sa mga baryo na nais muling magsaka. Ang mga manggagawang bukid naman ang siyang mangangasiwa at magpapatakbo ng mga hasyenda, sakahang komersyal, at mga plantasyon.

Ang agrikultura ang magiging pundasyon para sa pambansang industriyalisasyon. Maitatayo ang magaan na industriya na magpoproseso ng mga produktong agrikultura para sa pangkonsumo ng mamamayan. Mapupundar ang mabigat na industriya na maglilikha ng mga makina para sa agrikultura at pangangailangan ng mamamayan. Ang pagpupundar ng mga batayang industriya ang hihigop sa malaking reserbang hukbo sa paggawa. Ang labis na halagang nalilikha mula sa lakas-paggawa ay ilalaan, hindi na sa pagkakamal ng tubo, kundi para sa pagpapalawak ng produksyon, pagpapataas ng sahod, at iba pang kapakinabangan ng mamamayan.

Mula rito, hakbang-hakbang at planadong susulong ang pag-unlad ng ekonomyang nakaasa-sa-sarili at para sa pakinabang ng mamamayan. Mahahawan ang landas tungo sa isang lipunang malaya, masagana, demokratiko, at palagiang mag-aangat sa istandard ng pamumuhay ng mamamayan.

/eof